# {Hindi nag-iwan ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sandali ng pagkamatay niya ng isang dirham ni isang dinar ni isang lalaking alipin ni isang babaing alipin ni isang anuman maliban sa puting mola niya, sandata niya, at isang lupain, na gumawa siya sa mga ito bilang kawanggawa.}

Ayon kay `Amr bin Al-Ḥārith na bayaw ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapatid ng Ina ng mga Mananampalataya na si Juwayrīyah bin Al-Ḥārith (malugod si Allāh sa kanila) na nagsabi: {Hindi nag-iwan ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sandali ng pagkamatay niya ng isang dirham ni isang dinar ni isang lalaking alipin ni isang babaing alipin ni isang anuman maliban sa puting mola niya, sandata niya, at isang lupain, na gumawa siya sa mga ito bilang kawanggawa.}
[صحيح] [رواه البخاري]

Pinapanaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang hindi nag-iwan ng isang dirham na pilak ni isang dinar na ginto ni isang lalaking aliping minamay-ari ni isang babaing aliping minamay-ari ni isang tupa ni isang kamelyo ni isang anumang kabilang sa ari-arian maliban sa puting mola niya na sinasakyan niya, sandata niya na binibitbit niya, at isang lupaing isinakawanggawa noong kalusugan niya para sa kinapos sa daan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee